# ‘Sandaang Taon

**Titik at Musika: Danny Fabella**
**Boses at Gitara: Empiel Palma**
**Boses: Bayang Barrios**
**Dagdag na Boses: Jess Bartolome**
**Violin: Jonathan Urbano at Paul Allesa**
**Contrabass: Joven Tidon**

*Isinulat ang Sandaang Taon bilang paksang awit ng dokumentaryong Proletaryo na inilabas noong 2002 sa okasyon ng ika-100 taon ng pagkakatatag ng militanteng unyonismo sa Pilipinas at ang napakahalagang papel na ginampanan ng mga manggagawa sa pagtatayo ng mga makabayang kilusan tulad ng Katipunan. Sa pamamagitan ng kompositor na si Danny Fabella at ng Musikang Bayan, nilikha nila ang Sandaang Taon bilang pagpupugay sa maningning at nagpapatuloy na pakikibaka ng manggagawang Pilipino. Ang awit ay bahagi din ng album na Anak ng Bayan ng Musikang Bayan. Sa mismong salita ni Danny Fabella, "Ang awit na ito ay bilang pagpupugay sa ika-100 taon ng kilusang paggawa sa Pilipinas at bilang pagkilala sa kabayanihan at kadakilaan ng uring manggagawa sa kanilang pakikibaka para sa isang lipunang malaya at makatarungan".*

*Sandaang Taon (Centenary) is the theme song of the Proletaryo: Dokumentaryo ng Kilusang Manggagawa sa Pilipinas (Proletariat: Documentary of the Philippine Workers' Movement) produced in 2002 to commemorate the 100 years of militant unionism in the country and the very important role of the workers in sowing the seeds of the struggle for national freedom and democracy. Musikang Bayan contributed the song as a tribute to the inspiring and continuing struggle of the Filipino workers. In Danny Fabella's own words, "This song is a tribute to the 100 years of workers movement in the Philippines to honor their heroism and the greatness of their struggle for a sovereign and just society".*

AM F G Am
**Pinagtagpo tayo ng hirap at dusa**
F G Am
**Sa isang panahon ng pagsisimula**
F G E Am
**Pinagbuklod tayo ng pagsasamantala**

F G Am
**At ng mithiing lumaya**

**Ang bawat pagsubok ay ating sinuong**
**Sa bawat labanan ay laging pasulong**

**Tayong manggagawa'y magkakapitbisig**
**Sa iisang kilusa'y tumindig**

Koro:

F C G F G Am
**Sandaang taon ng dakilang pagkakaisa**
F C G F G Am
**Sandaang taon, mabuhay ng pakikibaka**
F C G F G Am
**Sandaang taon ng ating kilusang pagawa**
F C G F G Am
**Sandaang taon sa pananagumpay ng digma**

**Pinapanday tayo ng mga tunggalian**
**Lalong pinatatag ng mahabang karanasan**
**Lakas natin ay mapagpalayang kilusan**
**Na hahawak ng kapangyarihan**

**At ating kasama'y mga magbubukid**
**At ang sambayanang hindi madadaig**
**Dudurugin natin imperyalistang ganid**
**Hanggang lumang tanikala'y mapatid**

(Ulitin ang KORO)

KODA 3x

F G Am F G Am
**Sandaang-taon, mabuhay ang manggagawa**
F G Am F G Am
**Sandaang-taon, mabuhay ang manggagawa**
F G Am F G F-Am F-Am
**Sandaang-taon, mabuhay ang manggagawa**